**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 8, 101-117




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Mula sa Estereotipo Tungo sa Pagpapalaya: Ang Pagbabago ng Representasyong Pangkasarian sa Kuwentong Pambata

Tumacder, Jenny Rose O. ✉
*College of Education, Nueva Ecija University of Science and Technology, Philippines*
*(tumacder.jenny.neust@gmail.com)*

**Received**: 20 March 2026 **Revised**: 5 April 2026 **Accepted**: 6 April 2026
**Available Online**: 7 April 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26118

---

***Abstract***

Children's literature is a significant factor in shaping children's perspectives on society, including their understanding of gender. Through its stories and characters, children develop recognition of the roles and capabilities attributed to women and men. Traditional children's stories commonly portray mothers as homemakers and fathers as breadwinners—a form of representation that reinforces outdated interpretations of gender. Such stereotypical perspectives may lead young readers toward a narrow understanding of gender roles. This study aims to examine gender representation in ten selected children's stories and to determine the extent to which these works conform to or depart from stereotypical viewpoints. The research further seeks to identify the forms of stereotypical gender representation present in the said works, to analyze how authors challenge these representations through their characters and themes, and to determine whether works already exist that have fully transcended traditional gender constructs. The study employed qualitative research methodology, specifically a case study approach and content analysis. The corpus was drawn from ten selected children's works published by Adarna House and Lampara Books between 2001 and 2023, chosen through criterion sampling based on the Filipino language medium, appropriate reading level, and equal representation of female and male characters. A hybrid coding sheet was used to systematically document the significant elements of each story. The researchers' analyses were compared against the evaluations of two teachers using a comparison sheet to ensure the objectivity of interpretations. The results revealed that seven (7) out of ten (10) children's stories had fully transcended stereotypical gender perspectives. In conclusion, it is evident that narratives rejecting stereotypical gender views are gradually emerging within children's literature. The recognition and expansion of such works are essential to fostering children's understanding of gender equality. In terms of educational implications, the findings carry significant consequences for practitioners, students, and schools: teachers may integrate gender-liberating children's stories into more inclusive curricula and use them as critical literacy tools in the

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

classroom; students—especially at the elementary level—benefit from encountering diverse gender representations that expand their self-concept and promote empathy; and schools are encouraged to develop gender-responsive reading programs and policies that institutionalize the use of such texts. The findings may also guide parents in cultivating open-minded gender understanding at home, and serve as inspiration for authors in creating works that advocate for equitable perspectives on gender.

***Keywords:*** gender stereotypes, Gender Schema Theory, children's literature, gender representation

# Mula sa Estereotipo Tungo sa Pagpapalaya: Ang Pagbabago ng Representasyong Pangkasarian sa Kuwentong Pambata


## 1. Abstrak

Ang panitikang pambata ay isang mahalagang salik sa paghubog ng pananaw ng mga bata sa lipunan, kabilang ang kanilang pag-unawa sa kasarian. Sa pamamagitan ng mga kuwento at tauhan nito, nabubuo sa isipan ng mga bata ang pagkilala sa mga gampanin at kakayahan ng babae at lalaki. Karaniwang inilalarawan sa mga tradisyonal na kuwentong pambata ang mga ina bilang tagapag-alaga ng tahanan at ang mga ama bilang tagapagtaguyod ng pamilya—isang uri ng paglalarawan na nagpapatibay ng makalumang pagpapakahulunan sa kasarian. Ang ganitong estereotipikong pananaw ay maaaring umakay sa batang mambabasa tungo sa makitid na pag-unawa sa mga tungkuling pangkasarian. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang representasyong pangkasarian sa sampung piling kuwentong pambata at matukoy kung paano lumalabag at sumusunod ang mga ito sa mga estereotipikong pananaw. Nais ding tukuyin ng pananaliksik ang mga anyo ng estereotipikong representasyon sa kasarian na matatagpuan sa mga nasabing akda, kung paano hinahamon ng mga may-akda ang mga ito sa pamamagitan ng kanilang mga tauhan at tema, at kung mayroon nang mga akdang ganap nang nagpapalaya sa tradisyonal na pagbibigay-kahulugan sa kasarian. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong pananaliksik, partikular ang case study approach at content analysis. Binuo ang korpus mula sa sampung piling akdang pambata na inilimbag ng Adarna House at Lampara Books sa pagitan ng 2001 at 2023, na pinili batay sa criterion sampling ayon sa wikang Filipino, angkop na antas ng pagbabasa, at pantay na representasyon ng babae at lalaki. Ginamit ang hybrid coding sheet upang sistematikong matala ang mahahalagang elemento ng bawat kuwento. Ikinumpara ang pagsusuri ng mga mananaliksik sa pagsusuri ng dalawang guro gamit ang comparison sheet upang matiyak ang pagiging obhetibo ng interpretasyon. Ipinakita ng mga resulta na pitong (7) sa sampung (10) kuwentong pambata ang ganap nang nakalaya sa estereotipong pananaw sa kasarian. Bilang kongklusyon, lumalabas na unti-unti nang umuusbong sa panitikang pambata ang mga naratibo na nagwawaksi sa mga estereotipikong pananaw sa kasarian. Mahalaga ang pagkilala at pagpapalawak ng ganitong mga akda upang mapaunlad ang pang-unawa ng mga bata sa pagkakapantay-pantay ng kasarian. Kaugnay ng mga implikasyong pang-edukasyon, ang mga natuklasan ay may malalim na kabuluhan para sa mga guro, mag-aaral, at paaralan: ang mga guro ay maaaring gumamit ng mga akdang nagpapalaya sa kasarian bilang kasangkapan sa pagbuo ng mas inklusibong kurikulum at kritikal na literasiya; ang mga mag-aaral, lalo na sa antas ng elementarya, ay nakikinabang mula sa pagbabasa ng mga kuwentong nagtatampok ng iba't ibang uri ng representasyong pangkasarian; at ang mga paaralan ay hinihikayat na bumuo ng mga programang nakatuon sa gender-responsive na pagbabasa upang maisaloob ang mga ganitong akda sa pormal na edukasyon.


***Susing salita:*** estereotipong pananaw sa kasarian, Gender Schema Theory, panitikang pambata, representasyong pangkasarian

## 2. Introduksyon

Hindi laging natatanglaw ang tunay na halaga ng isang bagay sa unang tingin. Tulad ng pagbabasa ng mga akdang pampanitikan na nagdudulot ng malalim na kakintalan sa mambabasa, pumupukaw ang panitikan ng iba't ibang pananaw na maaaring maging gabay tungo sa pagkilala ng katotohanan. Hindi lamang sumasalamin ang panitikan sa mayamang kultura ng isang lipunan; itinatago rin nito ang mga tauhan at mundo ng imahinasyon na nagbibigay ng bagong hugis sa pag-iisip. Ayon kay La Escritoria (2023), ang panitikan ay isang kalipunan ng mga sulatin at likhang sining na nagpapahayag ng mga diwa, kaisipan, damdamin, at karanasan ng bawat indibidwal at manunulat. Dito makikita kung paano huhubugin ng mga akdang pampanitikan ang pananaw ng mga mambabasa—hindi lamang kaugnay ng mga pangyayari sa loob ng aklat, kundi pati na rin sa tunay na buhay.

Sa kontekstong ito, ang panitikang pambata ay may natatanging papel bilang mapagkukunan ng kalinangan

ng mga bata. Ayon kay Cruz (ayon sa Ang Batang Aklat, 2018), ang panitikang pambata ay naaayon sa kapasidad ng isipan ng bata, sa kanilang kasanayan, at sa kulturang kanilang kinabibilangan. Kahit may edad na ang mambabasa ay maaari pa rin siyang maimpluwensiyahan ng mga akdang kanyang binabasa. Gayunpaman, inilahad ni Yu (ayon kay Tugano, 2022) na ang panitikang pambata ay ang tanging uri ng panitikan na hinulma ng mga pinag-uukulan nito—walang iba kundi ang mga bata. Ang tila simpleng kahulugang ito ay naglalaman ng salimuot, lalo na pagdating sa mga konsepto ng "para sa" at "bata," sapagkat may ilang akdang pambata na nananatiling nakakulong sa sistemang patriyarkal na nagbibigay ng lohika sa batang mambabasa ukol sa mga gampaning itutungkulin niya batay sa kasarian paglaki.

Ipinaliwanag ni Santos (2022) na ang pagtatakda ng patriyarkal na lipunan sa mga gampanin ng mga indibidwal batay sa kasarian ay nagdudulot ng kaapihan sa kababaihan; at gayundin sa mga kalalakihan na tinatanggalan ng pagkakataon na matuto ng mga praktikal na kasanayang kapaki-pakinabang, tulad ng pagluluto, paglalaba, at pananahi. Ilang siglo nang umiiral sa Pilipinas ang ganitong di-patas na relasyong pangkasarian, at hindi maaasahang mabago ito sa isang iglap. Ang mga tradisyonal na paglalarawan sa kasarian kasama ng mga estereotipikong paglalahad ng pagkakaiba ay siyang naipapasa sa iba't ibang kultura at panahon sa pamamagitan ng literatura (Brito et al., 2023). Kaya naman nagkaroon ng mga galaw na nauukol sa pagkakapantay-pantay ng kasarian na naglalayong baguhin ang estereotipikong pananaw at ipamalat ang pagkakapantay-pantay ng bawat kasarian.

Sa kabila nito, bahagya nang umuusbong ang mga bagong akdang pambata na nagbabago ng pananaw sa kasarian. Unti-unting sumusulpot ang mga kuwentong nagpapalaya sa de-kahong imahen ng kasarian—maging ito ay lantaran o banayad na ipinakikita ng mga manunulat. Sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, inasahan ng mga mananaliksik na mahimay ang mga akdang naglalaman ng potensyal na positibong epekto sa mga kabataang mambabasa, maunawaan ang angkop na kontekstong pangkasarian na dapat maunawaan ng kabataan, at matukoy ang mga pagpapalaya sa estereotipong pananaw tungkol sa kasarian na nakapaloob sa mga mapaglarong kuwentong pambata. Sa gayon, mahalaga ang pag-aaral na ito upang mapatunayan na mayroon nang makabuluhang pagbabago sa representasyong pangkasarian sa mga kuwentong pambata sa Pilipinas.

***Teoretikal na Batayan -*** Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Gender Schema Theory ni Bem (1981), na nagmumungkahi na ang mga ideya ng bawat indibidwal tungkol sa kasarian ay nahuhubog sa pamamagitan ng kulturang kinagisnan sa lipunan na kanilang kinabibilangan. Sa teoryang ito, ang kaalaman sa kasarian ay hindi lamang likas na natututuhan, kundi pinapalakas ito ng mga social schemas na itinatanim sa bawat indibidwal sa pamamagitan ng kanilang kultura sa loob ng isang lipunan. Malaki ang epekto ng mga kaisipan at inaasahan tungkol sa mga gampanin ng lalaki at babae sa paraan ng pag-unawa ng mga indibidwal sa kanilang sarili at sa mga dapat nilang gampanin sa lipunan. Ang teoryang ito ang nagbibigay-balangkas sa pagsusuri ng mga kuwentong pambata bilang mga ahente ng pagbuo o pagbuwag ng mga iskema ng kasarian sa isipan ng mga batang mambabasa.

***Mga Layunin ng Pag-aaral -*** Layunin ng pag-aaral na suriin ang sampung piling kuwentong pambata na nagpapakita ng pagwawaksi sa mga estereotipikong papel ng kasarian, at matukoy kung may makabuluhang pag-usad na sa mga ito pagdating sa pagpapalaya sa estereotipikong pananaw. Tinitiyak ng pananaliksik na nasuri ang mga sumusunod na elemento ng bawat kuwento: paksang-diwa, imahe, kontekstong kultural, gampanin ng pangunahing tauhan, at layunin ng may-akda.

## 3. Metodolohiya

***Disenyo ng Pananaliksik -*** Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng kwalitatibong pananaliksik, isang anyo ng pag-aaral na itinuturing na "hindi nabibilang" at nakapokus sa detalyadong pagsusuri at deskripsiyon (Kaninya, 2016). Ginamit ng mga mananaliksik ang Case Study Approach, kung saan ang bawat kuwentong pambata ay itinuring bilang isang hiwalay na kaso. Ayon kina Kimmons at Caskurlu (2020), ang case study ay naglalayong pag-aralan ang isang 104abataan104t na sitwasyon sa pamamagitan ng detalyadong

pagsusuri sa limitadong bilang ng mga kaso.

***Instrumento ng Pananaliksik -*** Ang mga datos ay nakalap gamit ang Hybrid Coding Sheet bilang pangunahing 105 abataan 105 t ng pag-aaral. Ito ay ginagamit sa content analysis upang matala ang mga impormasyong nakalap mula sa mga kuwento habang pinapanatili ang obhetibidad ng mga impormasyon (Williams, 2024). Isa itong uri ng coding sheet na pinagsama ang talang pangnilalaman at mensaheng nakapaloob sa mga akdang pampanitikan. Sa pamamagitan nito, nailarawan nang maayos ang nilalaman ng kuwento habang binibigyan ng interpretasyon ang mga ito sa iba't ibang aspekto ng pagsusuri. Ang mga hybrid coding sheets na ginamit sa pagtatala ng datos ukol sa paksang-diwa, imahe, at kontekstong kultural ay hinango mula 105abata-aaral nina Dimasacat at Miranda (2024) na pinamagatang "Ang Ina sa mga Piling Kontemporaneong Kuwentong Pambata: Eklektikong Pagbasa sa Dimensyon ng Kasarian at Uri." Samantala, ang pagtatala ng gampanin ng mga pangunahing tauhan at layunin ng may-akda ay hinango naman mula 105abata-aaral nina Alvarado at Fuentes (2017) na pinamagatang "Tugmaang Pambata: Diskriminasyong Pangkasarian." Ang mga pinaghanguang coding sheets ay inangkop upang tumugma sa layunin ng pag-aaral, kung saan may ilang kategoryang dinagdag at binago upang mapalalim pa ang pagsusuri sa representasyon ng kasarian sa mga piling kuwentong pambata. Bilang ikalawang 105 abataan 105 t, ginamit ang Comparison Sheet upang sistematikong maihambing ang mga pagsusuring isinagawa ng mga mananaliksik, guro sa Kindergarten, at guro sa Elementarya. Sa pamamagitan nito, naitala ang mga napalaya at hindi napalayang kuwentong pambata gamit ang comparison table—isang talahanayan na nagpapakita ng estado ng resulta ng pagsusuri at nagsisilbing batayan ng consensus o pinag-isang kongklusyon.

***Paraan ng Pangangalap ng Datos -*** Pumili ang mga mananaliksik ng sampung kuwentong pambata mula sa Lampara Books at Adarna House na maaaring tumaliwas sa de-kahong imahen sa kasarian. Gumamit ang mga mananaliksik ng Criterion Sampling—ang pagpili ng mga pinagkukunan ng datos ayon sa mga tiyak na pamantayan (Russel, 2023; Adigue, 2023). Ang criterion sampling ay nagsilbing gabay sa pagpili at pagsasaliksik ng mga kuwentong pambata batay sa mga sumusunod na pamantayan: nakasulat sa wikang Filipino; nabibili sa mga online shopping platform at bookstore; nailathala sa loob ng ika-21 siglo; inilimbag ng isang lehitimong palimbagan; angkop sa mga batang mambabasa na may edad 6 hanggang 12 taong gulang; may representasyon ang bawat kasarian; nagpapakita ng pantay na kontribusyon ng babae at lalaki sa tagumpay ng kuwento; at naglalaman ng positibong pagkintal sa mambabasa.

**Talahanayan 1**
*Talaan ng mga Kuwentong Pambatang Sinuri*

| Pamagat at Taon ng Publikasyon | Manunulat at Tagaguhit | Tagapaglimbag |
|---|---|---|
| 1. Si Dindo Pundido (2023) | Jomike Tejido | Adarna House, Inc. |
| 2. Ang Lakambini at Ako (2016) | Becky Bravo (Joza Nada) | |
| 3. Mákináng Makináng (2018) | Genaro R. Gojo Cruz (Conrad A. Raquel) | |
| 4. Ang Pambihirang Buhok ni Lola (2001) | Rene Villanueva (Ibarra Crisostomo) | |
| 5. Ang Alamat ni Niña Gigantes (2019) | Patricia Ramos | |
| 6. Ang Paaralan ni Fuwan (2020) | Virgilio S. Almario (Cat S.) | |
| 7. Ang Gusto ni Chabibi (2021) | Liwliwa Malabed (Patricia Ramos) | |
| 8. Sa Aming Bahay-Bahayan (2019) | Mark Norman Boquiren (Ara Villena) | Lampara Publishing House, Inc. |
| 9. Siya ba ang Inay ko? (2012) | Segundo D. Matias Jr. (Jomike Tejido) | |
| 10. Ang Nanay kong Drayber (2023) | Reina Beatriz P. Peralta (Pepot Z. Atienza) | |

Ang mga datos na nakalap mula sa mga piling kuwentong pambata ay itinala sa pamamagitan ng hybrid coding sheet. Tinitiyak ng mga mananaliksik na ang bawat pagsusuri ay may gabay na pinagbatayan mula sa iba't ibang

artikulo at pag-aaral, gumagamit ng panunuring pampanitikan, at nakabatay sa lente ng Gender Schema Theory upang matukoy ang mga estereotipong pananaw sa kasarian na nakapaloob sa mga piling kuwento.

***Pagtiyak ng Pagiging Maaasahan ng Pagsusuri -*** Upang matiyak ang pagiging maaasahan at may konsistensi ng pagsusuri, ginamit ang Intercoder Reliability (ICR). Ayon sa Dovetail Editorial Team (2023), ang Intercoder Reliability ay isang mahalagang bahagi ng content analysis na tumutukoy sa proseso ng pagkakaayon sa pagitan ng mga tagasuri hinggil sa kanilang mga nakalap na impormasyon. Ginamit ang ICR kaugnay ng comparison table upang maihambing ang mga nakalap na interpretasyon, kasama na ang mga pagsusuri ng dalawang gurong tagasuri: si Nicole E. Bactat, guro sa Kindergarten, at si Jacquelyn P. Bulaladhi, guro sa Elementarya ng Vincentian Catholic Academy, Inc. Sa pamamagitan ng pagkonsulta sa mga gurong nagtaturo sa magkaibang antas, naisasalamin ang mas malawak na pananaw kung ang mga kuwentong pambata ay angkop, kapaki-pakinabang, at makabuluhan para sa iba't ibang grupo ng  106abataan. Pinili rin ang mga gurong ito dahil sa kanilang kaalaman sa sikolohikal at pedagohikal na aspekto ng mga batang mambabasa, at dahil sa kanilang direktang karanasan sa paggamit ng mga kuwentong pambata sa silid-aralan.

***Etikal na Pamantayan -*** Masusing tiniyak din ang wastong pagkilala sa mga may-akda at palimbagan, pag-iwas sa plagiarism sa pamamagitan ng tamang paggamit ng direktang sipi at buod ng mga ideya mula sa mga piling kuwento, at ang angkop na paggamit ng mga nailathala nang akda alinsunod sa umiiral na batas sa karapatang-ari.

## 4. Resulta at pagtalakay

***Paksang-Diwa ng mga Piling Kuwentong Pambata -*** Ang unang antas ng pagsusuri ay nakatuon sa paksang-diwa ng bawat kuwento upang matukoy kung paano tinuligsa ng mga ito ang estereotipikong pananaw sa kasarian.

**Talahanayan 2**
*Paksang-Diwa ng mga Piling Kuwentong Pambata*

| Pamagat ng Kuwentong Pambata | Konsepto | Pahayag (Estereotipong Pananaw na Tinutuligsa) |
|---|---|---|
| Si Dindo Pundido | Pagiging mahina ang loob ng lalaki | Ang mga lalaki ay dapat matibay ang kalooban. |
| Ang Lakambini at Ako | Babae na nagnanais matutong gumamit ng mga armas upang sumabak sa giyera | Ang mga kalalakihan lamang ang dapat sumabak sa giyera. |
| Mákináng Makináng | Batang lalaki na gustong matutuhan ang pananahi | Karaniwang ginagawa ang pananahi ng mga kababaihan. |
| Ang Pambihirang Buhok ni Lola | Kalakasan ng babae batay sa pagtataguyod ng isang komunidad | Madalas ay tinuturing ng lipunan ang mga matatandang kababaihan bilang mahina. |
| Ang Alamat ni Niña Gigantes | Katapangan ng babae sa gitna ng alanganin | Pinapalabas na mas duwag ang mga kababaihan kaysa sa mga kalalakihan. |
| Ang Paaralan ni Fuwan | Kagustuhan ng babae na magkaroon ng edukasyon habang tumutulong sa gawaing pambukid | Ang pagsasaka ay gawaing panlalaki lamang. |
| Ang Gusto ni Chabibi | Kalayaan ng babae na masunod ang kaniyang kagustuhan | Walang kalayaan ang mga babae na pumili ng gusto nila para sa kanilang sarili. |
| Sa Aming Bahay-Bahayan | Kagustuhan ng mga lalaki at babae na pagandahin ang kanilang bahay-bahayan | Sa katotohanan, tanging kababaihan lamang ang inaasahang magpapaganda ng tahanan. |
| Siya ba ang Inay ko? | Babaeng OFW na may iba't ibang klase ng trabaho | Karaniwan ay ang mga lalaki ang nagtataguyod para sa pamilya. |
| Ang Nanay kong Drayber | Pagkakapantay-pantay ng gampanin ng bawat kasarian | Inuuri ang mga gampanin ayon sa kasarian ng isang tao. |

Makikita sa Talahanayan 2 ang pangunahing tema o paksang-diwa at ang kaugnay na pagsasalamin sa mga gampaning pangkasarian batay sa mga konsepto at pahayag ng mga piling kuwento. Sa interpretasyon at paghahambing ng mga pagsusuri, lumitaw na ang karamihan sa mga kuwentong pambata ay malinaw na tumutuligsa sa mga estereotipikong pananaw sa kasarian. Natuklasan na pitong (7) sa sampung (10) kuwento ang ganap nang nakalaya sa tradisyonal na estereotipong pananaw sa kasarian. Halimbawa, sa kuwentong Mákináng Makináng, ang kagustuhan ng batang lalaki sa pananahi ay naging sentral na simbolo ng pagwawaksi sa kaisipang pambabae lamang ang ganitong gawain. Gayundin ang Ang Gusto ni Chabibi na nagtatampok ng batang babaeng gustong maglaro ng holen—isang laruang madalas itinuturing na panlalaki. Ang Ang Lakambini at Ako, Ang Pambihirang Buhok ni Lola, Ang Alamat ni Niña Gigantes, at Siya ba ang Inay Ko? ay nagpamalas ng pambihirang tapang at katatagan ng kababaihan, habang ang Ang Nanay Kong Drayber ay tahasang nagpapakita na ang kababaihan ay kaya ring pumasok sa mga larangang tradisyonal na itinuturing na panlalaki. Napansin ng mga guro at mananaliksik na ang mga paksang-diwa ng mga akdang ito ay hindi lamang tumatanggi sa estereotipo kundi nagbubukas din ng kamalayang inklusibo, kung saan ang kabayanihan, tapang, at responsibilidad ay hindi na naka-angkla sa kasarian.

Sa kabilang banda, ang Si Dindo Pundido, Ang Paaralan ni Fuwan, at Sa Aming Bahay-Bahayan ay nananatiling nasa transisyon pa lamang ng pagpapalaya. Bagama't taglay ng mga ito ang mensahe ng pagtanggap at pantay na oportunidad, hindi pa ganap na napalaya ang mga ito sa impluwensiya ng tradisyonal na pagpapakahulunan ng kasarian.

***Mga Imahe sa mga Piling Kuwentong Pambata -*** Ang ikalawang antas ng pagsusuri ay nakatuon sa mga biswal at tekstwal na imahe na ginamit ng mga manunulat upang ipahayag ang mensahe tungkol sa kasarian.

**Talahanayan 3**
*Mga Piling Linya at Imahe mula sa mga Kuwento*

| Pamagat ng Kuwentong Pambata | Mga Piling Linya mula sa Kuwento | Kahulugan ng mga Piling Linya |
|---|---|---|
| Si Dindo Pundido | "Inay, espesyal din ba ako tulad nina Kuya at Ate?" "Oo, anak. Espesyal tayong lahat. Ang kawalan mo ng ilaw ang nagpapabukod-tangi sa iyo." "At huwag kang mahiyang makihalo sa ibang alitaptap. Doon mo makikita ang iyong tunay na kislap." | Ang tanong ni Dindo ay sumisimbolo sa pangangailangan ng bawat bata—anuman ang kanilang pisikal na kalagayan—na makaramdam ng pagmamahal at pagtanggap. Ipinahihiwatig na ang kahinaan o kapansanan ay hindi hadlang kundi isang natatanging katangian. |
| Ang Lakambini at Ako | "Estong, lahat ng Filipino, babae man o lalaki, ay may tungkuling ipaglaban ang bayan. Buong loob kong tinanggap ang ngalan na 'Lakambini', kaya't nais ko ring buong loob na gampanan ang tungkuling kaakibat nito." "Madali para sa isang lalaki, ngunit para sa babaeng nakasuot ng baro't saya?" | Sumisimbolo sa kaisipan ng lipunan na ang kababaihan ay hindi dapat sumabak sa mapanganib na gawain. Ipinakikita na ang pagiging makabayan ay hindi nakabatay sa kasarian. |
| Mákináng Makináng | "'Nay, puwede bang mananahi ang isang lalaki?" "Aba oo naman! Alam mo bang marami ring magagaling na mananahi na lalaki? Ang tawag sa kanila ay sastre." "Alam ko na ang gusto kong maging. Gusto kong maging isang mahusay na sastre balang-araw." | Pagsalungat sa paniniwala na ang pananahi ay eksklusibong gawain ng kababaihan. Ipinakikita na ang isang tao ay may karapatang pumili ng propesyon batay sa kagustuhan, hindi sa kasarian. |
| Ang Pambihirang Buhok ni Lola | "Pero hindi nawalan ng loob si Lola. Kahit umuungol ang hangin at ulan, ipinatali niya sa kaniyang buhok ang bawat bahay sa baryo." "May mga nagsasabing ang mga Pinay ang mga tunay na lalaki sa ating bayan." | Madalas na iniisip na ang kalalakihan lamang ang may kakayahang magpatatag ng pamilya at komunidad. Ipinakita dito na ang kababaihan ay mayroon ding lakas na maging haligi ng isang lipunan. |
| Ang Alamat ni Niña Gigantes | "Pero—isa kang higante! Dapat kaya mong lumaban kahit kanino! Kahit sa bagyo!" | Ipinakikita na ang pagiging malakas ay hindi natatakda sa kasarian, at ang kababaihan ay kayang humarap sa matinding hamon. |

| Pamagat ng Kuwentong Pambata | Mga Piling Linya mula sa Kuwento | Kahulugan ng mga Piling Linya |
|---|---|---|
| Ang Paaralan ni Fuwan | "Masyadong maraming damo ang palayan. Kailangan siyang tumulong sa paglilinis ng bukid." "Maghapong nasa bukid si Fuwan, masipag na tumulong sa kaniyang ama at kuya, ngunit nasa isip kung ano ang bagong ituturo ni Miss Pilar." | Ipinakikita na hindi dapat mahadlangan ang pangarap ng isang bata anuman ang kaniyang kasarian. |
| Ang Gusto ni Chabibi | "Gusto ni Chabibi na maglaro ng holen. 'Panlalaki lang ayan.' 'Masayang maglaro ng holen.'" | Ipinapakita ang nakasanayang paniniwala ng lipunan tungkol sa kung ano ang dapat o hindi dapat gawin ng isang kasarian. |
| Sa Aming Bahay-Bahayan | "Ako naman ang nanahi, gamit ang mga tirang telang nahingi. Ang mga telang magkakasukat ay aking pinagdugtong-dugtong at ginawang kurtina." "Para sa akin, ang munting bahay-bahayang ito ang aming palaruan at isa pang tahanan. Kahit kami ay magkakaiba ay walang iwanan at laging magtutulungan." | Kumakatawan sa pagbuwag ng tradisyonal na ideya na ang pananahi ay eksklusibong gawain ng kababaihan. Nagpapakita ng pantay na pagtingin sa pagkakaibigan anuman ang kasarian. |
| Siya ba ang Inay ko? | "Noong galing naman ang inay niya sa Taiwan, ang buhok nito ay maiksi, parang sa lalaki." "Kailangan kong magtrabaho para mapagtulungan namin ng itay mo na maitaguyod kayo sa pag-aaral." | Sumisimbolo sa paglabag sa tradisyonal na imahe ng isang ina. Nangangahulugan rin ito na hindi lamang kababaihan ang may kakayahan o responsibilidad na mag-alaga—kaya rin ng mga lalaki. |
| Ang Nanay kong Drayber | "Ang lakas naman ng ale! 'Galing! Na-flat ang gulong ng dyip namin! 'Buti na lang, malakas at magaling si Nanay!" "Mayroon ding tatay na nag-aalaga ng anak. Parang si Tatay, inaalagaan ako." | Ipinakita ang pagkakapantay-pantay ng iba't ibang gampanin ng mga kasarian: ang mga karaniwang ginagawa ng lalaki ay nakakayanan din ng babae, at gayundin ang kabaligtaran. |

Nakapaloob sa Talahanayan 3 ang mga piling linya at simbolismo mula sa mga akdang nagpapahayag ng mensahe tungkol sa kasarian. Batay sa pananaw ng mga mananaliksik at gurong tagasuri, ang biswal at tekstwal na imahe ang agad na nakakaapekto sa mga bata at nagsisilbing maagang impluwensiya ng iskemang pangkasarian. Nagpatunay na ang mga imahe sa kuwento, maging biswal man o paglalarawan ng mga karakter, ay nagsisilbing mabisang daluyan ng pagpapalawak ng kamalayan sa pagkakapantay-pantay ng kasarian.

Sa Mákináng Makináng, makikita ang imahe ng lalaking marunong manahi; sa Ang Nanay Kong Drayber, nagmamaneho ng pampasaherong sasakyan ang babae at pinupuri ng kaniyang anak; sa Ang Lakambini at Ako at Siya ba ang Inay Ko?, makikita ang imahe ng mga babaeng may katapangan at katatagan; sa Ang Alamat ni Niña Gigantes, ang imahe ng babaeng higante ay sumisimbolo sa kapangyarihang pambabae. Ang Ang Pambihirang Buhok ni Lola ay naglalarawan ng matandang kababaihan bilang pinagmumulan ng karunungan, habang ang Ang Gusto ni Chabibi ay nagpapakita ng makulay at malayang imahe ng batang babaeng hindi natatakot ipahayag ang sarili. Sa Aming Bahay-Bahayan naman ay ipinakita ang pagkakaisa at kooperasyon ng bawat kasarian.

Samantala, tanging ang kuwentong Ang Paaralan ni Fuwan ang hindi pa nakalalaya sa estereotipong pananaw batay sa imahe. Ang mga larawang inilahad sa akda ay nanatiling nakapaloob sa tradisyonal na gampanin ng kababaihan, tulad ng pag-aalaga at pagiging masunurin. Sa interpretasyon ng mga guro at mananaliksik, ang mga larawang ito ay ginamit upang ipakita ang hidwaan sa pagitan ng lumang pananaw at ng unti-unting pagbabagong kultural—ngunit hindi pa ganap ang transisyon.

***Kontekstong Kultural ng mga Piling Kuwentong Pambata -*** Ang ikatlong antas ng pagsusuri ay tumutukoy sa mga kultural na saligan na nagbibigay-konteksto sa representasyong pangkasarian ng bawat kuwento.

Itinatala ng Talahanayan 4 ang mga kultural na elemento na lumilitaw sa bawat kuwento at ang kahulugang kultural nito kaugnay ng kasarian. Ang kontekstong kultural ng mga sinuring akda ay nagpapakita ng pagbabago ng lipunang Pilipino sa pag-unawa sa kasarian. Ipinahihiwatig din ng mga natuklasang ito ang pangangailangan

para sa mas malalim na pagtingin sa interseksyonalidad, sapagkat ang ilang kuwento ay tumutugon sa kasarian ngunit hindi ganap na tinatalakay ang mas malawak na ugnayang panlipunan na nagpapalalalim ng estereotipong pagtingin.

**Talahanayan 4**
*Kontekstong Kultural ng mga Piling Kuwentong Pambata*

| Pamagat ng Kuwentong Pambata | Kontekstong Kultural | Kahulugang Kultural |
|---|---|---|
| Si Dindo Pundido | Kinagawian | May paniniwala sa lipunan na ang may kapansanan ay mahina o hindi kayang tumulong sa gawaing bahay; ngunit sa kuwento, pinatunayan ni Dindo na mayroon siyang sariling kakayahan at halaga. |
| Ang Lakambini at Ako | Makabayan | Ipinakikita na hindi lamang kalalakihan ang may kakayahang maglingkod at ipaglaban ang bayan; ang kababaihan ay may pantay na kakayahan at dedikasyon sa pagiging makabayan. |
| Mákináng Makináng | Pamana | Ang pagpapahalaga sa kinagisnang tradisyon ng pamilya ay naipapasa mula sa iba't ibang henerasyon anuman ang kasarian. |
| Ang Pambihirang Buhok ni Lola | Simbolismo (Buhok ni Lola) | Ang buhok ni Lola ay sumisimbolo sa katatagan, tibay, at pagiging maaasahan ng kababaihan sa anumang panahon ng pagsubok. |
| Ang Alamat ni Niña Gigantes | Paniniwalang Panrelihiyon/Espiritwal | Ang paggamit ng salitang "anito" ay nagpapakita ng sinaunang paniniwala ng mga Pilipino tungkol sa makapangyarihang nilalang na gumagabay sa sanlibutan. |
| Ang Paaralan ni Fuwan | Kinagawian | Binibigyang-diin ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa edukasyon kahit sa harap ng kahirapan. Ipinakita rin ang sakripisyo ng bata para makatulong sa pamilya habang nais niyang ipagpatuloy ang pag-aaral. |
| Ang Gusto ni Chabibi | Kinagawian | Isang kultura sa Pilipinas ang paggalang at pagsunod sa mga nakatatanda. Ipinakikita kung paano pinapalakas ng lipunan ang ideyang dapat sundin ng nakababatang henerasyon ang pasya ng mga magulang o nakatatanda. |
| Sa Aming Bahay-Bahayan | Bayanihan | Ipinakikita ang bayanihan sa pamamagitan ng pantay na responsibilidad ng bawat kasapi ng pamilya anuman ang kanilang kasarian. |
| Siya ba ang Inay ko? | Kinagawian | Ipinakikita ang reyalidad ng maraming pamilyang Pilipino kung saan ang isang magulang—karaniwan ay ang ina—ay nagtatrabaho bilang Overseas Filipino Worker upang matustusan ang pangangailangan ng pamilya. |
| Ang Nanay kong Drayber | Kinagawian | Tumataliwas sa nakasanayang pananaw na ang pagmamaneho ay para lamang sa kalalakihan. Ipinakikita na ang bawat kasarian ay maaaring magkaroon ng propesyong tradisyonal na inaasahan sa kabaligtarang kasarian. |

Sa Ang Lakambini at Ako, ang kababaihan ay inilagay sa konteksto ng kasaysayan ng Katipunan bilang mandirigmang may kakayahan at diwa ng patriyotismo. Sa Ang Alamat ni Niña Gigantes, ginamit ang elementong mitolohikal upang bigyan ng kapangyarihan ang kababaihan sa naratibo ng bayan. Sa Ang Nanay Kong Drayber, ang mga lansangan ay naging simbolo ng pampublikong espasyo kung saan may karapatan ang lahat ng kasarian. Sa Si Dindo Pundido, makikita ang kultura ng pagtanggap at kabayanihan sa kabila ng kakulangan. Sa Ang Pambihirang Buhok ni Lola, ipinakita ang pagpapahalaga ng kulturang Pilipino sa karunungan at karanasan ng mga matatanda na hindi lamang limitado sa mga lalaki.

Sa kabilang banda, sa Siya ba ang Inay Ko? at Sa Aming Bahay-Bahayan, ang kultura ng pamilyang Pilipino ay nananatiling may pagkiling sa tradisyonal na papel ng ina, bagaman binibigyan na rin ng puwang ang ama sa gawaing bahay. Ang Mákináng Makináng, Ang Gusto ni Chabibi, at Ang Paaralan ni Fuwan ay nagpapakita ng mga kulturang Pilipino na unti-unting tumaliwas sa nakaugaliang imahen ng kasarian. Sa kabuoan, ang paghahambing ng kontekstong kultural ng sampung (10) kuwento ay nagpapakita ng pag-usad mula sa kulturang patriyarkal tungo sa isang lipunang kumikilala sa pantay na tungkulin ng kasarian.

***Gampanin ng Pangunahing Tauhan -*** Ang ikaapat na antas ng pagsusuri ay nagtatasa sa papel ng mga pangunahing tauhan bilang mga kongkretong tagapagdala ng mensahe ng pagpapalaya mula sa estereotipo.

**Talahanayan 5**
*Gampanin ng Pangunahing Tauhan ng mga Piling Kuwentong Pambata*

| Pamagat ng Kuwentong Pambata | Pangunahing Tauhan | Katangiang Tradisyonal na Pananaw sa Kasarian | Katangiang Di-Tradisyonal na Pananaw sa Kasarian | Gampanin ng Tauhan at Maikling Sipi |
|---|---|---|---|---|
| Si Dindo Pundido | Dindo | Ang may kapansanan ay hindi tanggap sa lipunan. | Ang bawat isa ay tinatanggap sa lipunan anuman ang kaibahan. | Iligtas ang kaniyang mga kapatid sa kabila ng kaibahan. "Tinadyakan niya ito at hinila, binatak at sinipa." |
| Ang Lakambini at Ako | Gregoria "Oriang" de Jesus | Tanging mga kalalakihan lamang ang may kakayahang lumaban. | Ang mga kababaihan ay may katapangang lumaban o sumabak sa digmaan. | Maipakita ang katapangan ng kababaihan para sa bayan. "Estong, lahat ng Filipino, babae man o lalaki, ay may tungkuling ipaglaban ang bayan." |
| Mákináng Makináng | Ino | Ang pananahi ay hindi nais ng mga kalalakihan. | Ang pananahi ay maaaring gawin ng mga kalalakihan ayon sa kanilang kagustuhan. | Tulungan ang kaniyang Inay sa pananahi. "Aba, oo naman! Marami ring magagaling na mananahi na lalaki—ang tawag sa kanila ay sastre." |
| Ang Pambihirang Buhok ni Lola | Lola | Walang kakayahan ang mga kababaihan na umako ng mabibigat na responsibilidad. | Ang kababaihan ay may kalakasan at kakayahang makalutas ng mga problema. | Gamitin ang kaniyang kakayahan upang makatulong. "Hindi nawalan ng loob si Lola. Ipinatali niya sa kaniyang buhok ang bawat bahay sa baryo." |
| Ang Alamat ni Niña Gigantes | Niña Gigantes | Ang mga babae ay hindi binibigyan ng pagkakataon na magpakita ng kalakasan. | Ang mga babae ay may layang ipakita ang kanilang kakayahan at lakas. | Gamitin ang lakas at abilidad para tumulong sa bayan. "Pero—isa kang higante! Dapat kaya mong lumaban kahit kanino!" |
| Ang Paaralan ni Fuwan | Fuwan | Ang mga babae ay dapat nakatuon lamang sa pagtulong sa pamilya. | Ang mga babae ay may layang makapili ng kagustuhan tulad ng pag-aaral. | Ipakita ang kahalagahan ng pagsusumikap sa pag-aaral. "Gusto niyang tumulong sa kaniyang kuya. Pero gusto rin niyang mag-aral." |

| Pamagat ng Kuwentong Pambata | Pangunahing Tauhan | Katangiang Tradisyonal na Pananaw sa Kasarian | Katangiang Di-Tradisyonal na Pananaw sa Kasarian | Gampanin ng Tauhan at Maikling Sipi |
|---|---|---|---|---|
| Ang Gusto ni Chabibi | Chabibi | Ang mga batang babae ay dapat manatiling mahihin at kumikilos bilang babae. | Ang mga batang babae ay mayroon nang malikhaing isipan upang magdesisyon para sa sarili. | Ipakita ang pagiging malaya ng mga bata. "Gusto ni Chabibi na maglaro ng holen. 'Panlalaki lang ayan.' 'Masayang maglaro ng holen.'" |
| Sa Aming Bahay-Bahayan | Poy, Rogelio, at Joyce | Ang mga lalaki ay hindi dapat naglalaro ng bahay-bahayan. | Ang mga lalaki ay malaya nang gawin ang gusto nila. | Ipakita na may kalayaan na sa pagpili ang mga kabataan. "Ako naman ang nanahi, gamit ang mga tirang telang nahingi." |
| Siya ba ang Inay ko? | Carla | Ang mga kababaihan ay walang karapatang magtaguyod sa pamilya. | Ang mga kababaihan ay may karapatang magtrabaho upang kumita at makatulong sa pamilya. | Mapagtanto ang kalakasan at katapangang ginawa ng kaniyang ina sa abroad. "Kailangan kong magtrabaho para maitaguyod kayo sa pag-aaral." |
| Ang Nanay kong Drayber | Billy | Tanging lalaki lamang ang gumagawa ng panlalaking trabaho. | Ang mga lalaki ay maaaring gumawa ng pambabaeng trabaho, at gayundin ang kababaihan. | Matuklasan ang pagkakapantay-pantay at kalakasan ng bawat kasarian. "Ang lakas naman ng ale! 'Galing! Na-flat ang gulong ng dyip namin! 'Buti na lang, malakas at magaling si Nanay!" |

Ipinapakita ng Talahanayan 5 ang mga tradisyonal at di-tradisyonal na katangian ng pangunahing tauhan at mga siping sumusuporta sa kanilang gampanin. Nagbibigay ito ng malinaw na katunayan kung paanong ang tauhan mismo—sa katauhan at kilos—ay nagiging instrumento ng pagwawaksi sa estereotipo. Hindi lamang kaisipan ang binabago; ang pagbabago ay kongkretong makikita sa diyalogo at kilos ng mga tauhan, na nagbibigay ng mataas na kahalagahan sa mga batang mambabasa.

Lumitaw na ang mga pangunahing tauhan sa pitong (7) sa sampung (10) kuwento ay kumakatawan sa mga kasariang lumalabag sa nakasanayang tungkulin. Si Ino (Mákináng Makináng) ay lalaking gustong maging mananahi; si Oriang (Ang Lakambini at Ako) ay isang mandirigmang babae; si Niña (Ang Alamat ni Niña Gigantes) ay babaeng matatag at mapagmahal sa kabila ng kaniyang katangian; si Nanay (Ang Nanay Kong Drayber) ay nagbubuhay bilang pangunahing tagapaghanapbuhay. Si Chabibi (Ang Gusto ni Chabibi) ay hindi natakot ipahayag ang kagustuhan niya bilang babae. Si Lola (Ang Pambihirang Buhok ni Lola) ay inilarawan bilang babaeng may kakayahang magpayo at magturo—kabaligtaran ng karaniwang imahe ng matandang babae bilang mahina at marupok.

Samantala, ang tauhang si Dindo (Si Dindo Pundido) ay batang may kapansanan ngunit naging huwaran ng tapang at kabutihan. Gayunpaman, nakita pa rin sa kuwentong ito ang pagiging dominante ng lalaki sa ilang aspekto. Si Fuwan (Ang Paaralan ni Fuwan) ay nagpapakita ng determinasyon sa paghahangad ng edukasyon bilang hakbang patungo sa pantay na oportunidad, ngunit nanatili pa rin ang kaniyang karakter sa sitwasyon kung saan limitado ang karapatang pumili dahil sa responsibilidad. At si Joyce (Sa Aming Bahay-Bahayan) ay hindi pa rin ganap na napalaya dahil sa gawain na itinakda sa kanya bilang babae, kahit na ipinakita na ang mga batang

lalaki sa kuwento ay nakikilahok na sa mga gawaing tradisyonal na pambabae.

Ipinapakita ng mga pangunahing tauhan na ang kasarian ay hindi dapat maging hadlang sa kakayahan ng isang tao na matupad ang kaniyang pangarap at tungkulin sa lipunan. Ang mga akdang ito ay nagbibigay ng inspirasyon sa mga mambabasa upang yakapin ang kanilang tunay na sarili at labanan ang mga estereotipong naglilimita sa kanilang potensyal.

***Layunin ng May-Akda -*** Ang ikalimang antas ng pagsusuri ay tumutukoy sa intensyon ng mga manunulat: kung bakit nila isinulat ang mga akdang ito at sino ang kanilang target na mambabasa.

**Talahanayan 6**
*Layunin ng May-Akda ng mga Piling Kuwentong Pambata*

| Pamagat ng Kuwentong Pambata | Layunin ng May-Akda | Mensahe |
|---|---|---|
| Si Dindo Pundido | Maipakita na ang lahat ng indibidwal ay taglay ang kakayahang kapaki-pakinabang sa lipunan. | Para sa mga kabataang may kapansanan at sa lahat ng kasarian. |
| Ang Lakambini at Ako | Maipakita ang katapangan ni Gregoria "Oriang" de Jesus bilang isang babaeng marunong humawak ng armas at may layuning ipagtanggol ang kaniyang bayan. | Para sa lahat ng kasarian na may tapang at pagmamahal sa bayan. |
| Mákináng Makináng | Maipakita ang pagpapamana ng mga magulang sa kanilang mga anak at pagsuporta sa mga kabataan ukol sa kanilang kagustuhang pangarap. | Para sa mga kabataang nais sundan ang yapak ng kanilang mga magulang anuman ang kanilang kasarian. |
| Ang Pambihirang Buhok ni Lola | Maipakita ang lakas ng mga kababaihan, na ang "mga Pinay ang mga tunay na lalaki sa ating bayan." | Para sa lahat ng kasarian upang lumabas ang tunay na kalakasan. |
| Ang Alamat ni Niña Gigantes | Maipakita ang kalakasan ng mga kababaihan at kanilang kakayahang maging isang bayani. | Para sa lahat ng kasarian na mapaunlad ang katapangan. |
| Ang Paaralan ni Fuwan | Maipakita ang kahalagahan ng edukasyon at kulturang Pilipino para sa mga bata. | Para sa mga kabataang nais malaman ang kulturang Filipino at sa lahat ng kasarian. |
| Ang Gusto ni Chabibi | Maipakita ang pagiging malikhain at positibo ng mga bata na dapat sinusuportahan ng mga nakatatanda. | Para sa mga batang nais magpakita ng kanilang kagustuhan anuman ang kanilang kasarian. |
| Sa Aming Bahay-Bahayan | Maipakita ang pagkamalikhain, pagkakaisa, at pagtutulungan ng mga bata sa pagkamit ng isang layunin. | Para sa mga batang gustong mapalawak ang imahinasyon sa paglikha at sa lahat ng kasarian. |
| Siya ba ang Inay ko? | Maipakita ang pagsasakripisyo ng mga magulang na Overseas Filipino Workers para sa kanilang mga anak at pamilya. | Para sa mga batang may magulang na OFW at lahat ng kasarian. |
| Ang Nanay kong Drayber | Maipakita ang mensaheng ang mga trabahong tradisyonal na panlalaki ay kaya rin ng mga kababaihan, at ang mga trabahong pambabaeng ay kaya rin ng mga kalalakihan. | Para sa mga batang nais gawin ang iba't ibang bagay anuman ang kanilang kasarian. |

Ipinapakita ng Talahanayan 6 ang sinuring layunin ng bawat may-akda: ang magpabatid ng pagtanggap, hamunin ang patriyarka, itaguyod ang pantay na oportunidad, at tukuyin ang target na mambabasa. Ang layunin ay hindi lamang naglalayong magkuwento kundi maging gabay ng mga mambabasa sa pagbabago ng inaasahan sa kasarian. Ang ilan sa mga may-akda ay tuwirang humihimok ng pagbabago, samantalang ang iba ay gumagamit ng banayad ngunit mabisang paraan upang magbukas ng diskurso.

Kaugnay ng layunin ng edukasyon sa kasarian, layunin ng mga may-akda na palayain ang isipan ng kabataan mula sa mga limitasyong panlipunan. Sa Mákináng Makináng, nilayon ni Genaro Gojo Cruz na turuan ang mga bata na maging malaya sa pagpili ng kanilang interes. Sa Ang Lakambini at Ako, layunin ni Becky Bravo na

itampok ang kababaihan bilang bayani sa kasaysayan. Si Reina Beatriz P. Peralta, sa Ang Nanay Kong Drayber, ay naglalayong ipakita ang dangal ng kababaihan sa hanapbuhay. Sa Ang Alamat ni Niña Gigantes, layunin ni Patricia Ramos na muling buhayin ang kulturang Pilipino sa lente ng kapangyarihang pambabae. Si Rene Villanueva, sa Ang Pambihirang Buhok ni Lola, ay nagpaparating ng mensahe ng karunungan at kakayahan ng mga matatanda, partikular ng mga babae. Sa Ang Gusto ni Chabibi, layunin ni Liwliwa Malabed na ipakita na may karapatan ang babae sa mga propesyong dati'y itinuturing na panlalaki.

Ang Siya ba ang Inay Ko? ni Segundo D. Matias Jr., Ang Paaralan ni Fuwan ni Virgilio S. Almario, Sa Aming Bahay-Bahayan ni Mark Norman Boquiren, at Si Dindo Pundido ni Jomike Tejido ay may layuning ipakilala sa mga bata ang halaga ng pamilya at kooperasyon. Sa kabuoan, ang bawat may-akda ng sampung kuwento ay naglalayong palakasin ang pananaw sa pagkakapantay-pantay ng kasarian, binibigyang-diin sa bawat akda ang kalayaang mayroon ang bawat kasarian.

***Mga Pananaw sa Kasarian na Nananatili Pa Rin sa Loob ng Kahon -*** Sa isinagawang pagsusuri ng mga mananaliksik, guro sa Kindergarten, at guro sa Elementarya, tatlo (3) sa sampung (10) piling kuwentong pambatang sinuri ang hindi ganap na nakalaya sa de-kahong imahen sa kasarian: Si Dindo Pundido, Ang Paaralan ni Fuwan, at Sa Aming Bahay-Bahayan. Una, ang paksang-diwa ng Si Dindo Pundido ay binigyan ng tuon ang tema na ang pagkakaroon ng kakulangan ay hindi hadlang upang maging kapaki-pakinabang sa lipunan. Nasa proseso pa ng pagbabago ang kuwento; subalit may mga natitirang pahayag at elemento na nagpapakita pa rin ng pagkakahawig sa mga tradisyonal na pananaw sa kasarian, lalo na ang ideolohiyang ang mga lalaki ay nangangailangan din ng emosyonal na suporta—isang aspektong tumataliwas sa paniniwalang hindi dapat sila umiiyak o humingi ng tulong—na hindi pa sapat na binibigyang-pansin ng kuwento.

Pangalawa, ang Ang Paaralan ni Fuwan ay nagtagumpay sa temang inihahayag nito—ipinakita ni Fuwan na ang isang bata anuman ang kasarian ay may kakayahang mangarap at lumaban para sa magandang kinabukasan. Gayunpaman, hindi pa ganap na napalaya ang akda mula sa mga estereotipong gampanin ng kababaihan, sapagkat halos mawalan ng karapatang pumili si Fuwan dahil sa mga panlipunang inaasahan na nakakulong sa kaniyang kalagayan. At panghuli, ang Sa Aming Bahay-Bahayan ay naglalaman ng mga bahagi na nagtatayo pa rin ng tradisyonal na estereotipong pananaw sa kasarian, kahit na ipinapakita rin nito ang mga elemento ng pagbabago. Hindi pa nagawa ng kuwento ang tuluyang paglaya ng tauhang si Joyce mula sa tradisyonal na gampaning itinakda ng patriyarkal na lipunan. Kaya masasabi na ang sinuring akda ay hindi pa ganap na nakalaya sa estereotipong pananaw, subalit malinaw ang hakbang nito patungo sa isang mas inklusibo at pantay na pagtingin sa papel ng kasarian.

Ang tatlong aspektong hindi pa ganap na napalaya—ang pagpapakita ng emosyon ng mga kalalakihan, ang karapatang mamili ng kababaihan para sa kanilang sarili, at ang pagwawaksi ng mga itinakdang gawain batay sa kasarian—ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa paglikha ng higit pang mga kuwentong pambata na lubos na tutumbas sa mga pormang ito ng estereotipiko, upang marahang maputol ang siklo ng patriyarkal na pag-iisip sa lipunan. Sa kabuoan, ang mga piling kuwentong pambata ay hindi lamang sumasalamin sa kultura ng lipunan; taglay ng mga ito ang makabuluhang tungkulin sa pagbubuo ng kamalayan batay sa pagkakapantay-pantay ng kasarian. Lumalabas pa rin na unti-unting umuusbong ang mga kuwentong pambata na tumataliwas sa estereotipong pananaw, na nagpapahiwatig na may mga akda na nang malaya pagdating sa usaping representasyong pangkasarian. Mahalaga ang patuloy na pagpapalawak ng ganitong mga kuwento upang mapaunlad ang kamalayan ng mga batang mambabasa at malihis sila sa limitadong pag-unawa sa mga tungkuling pangkasarian na pilit itinataguyod ng ilang antas ng lipunan.

## 5. Mga implikasyong pang-edukasyon

Ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay may malalim na kaugnayan sa larangan ng edukasyon. Bilang isang pag-aaral na nakatuon sa panitikang pambata at representasyong pangkasarian, mahalaga ang pagtukoy ng mga kongkretong implikasyon para sa mga guro, mag-aaral, at paaralan upang matiyak na ang mga natuklasan ay

maisalin sa makabuluhang pagbabago sa silid-aralan at sa mas malawak na sistemang pang-edukasyon.

***Para sa mga Guro -*** Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahahalagang gabay para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino at panitikan sa elementarya at mataas na paaralan. Una, ang pitong kuwentong pambata na ganap nang nakalaya sa estereotipong pananaw sa kasarian—tulad ng Mákínáng Makínáng, Ang Nanay kong Drayber, Ang Lakambini at Ako, at iba pa—ay maaaring gamitin bilang pangunahing babasahin sa loob ng silid-aralan. Sa pamamagitan ng pagpili ng mga tekstong nagtatampok ng di-tradisyonal na representasyong pangkasarian, ang mga guro ay aktibong nakikilahok sa pagbuo ng mas inklusibong kapaligiran sa pag-aaral. Pangalawa, ang hybrid coding sheet na ginamit sa pananaliksik na ito ay maaaring iangkop bilang isang pedagogical tool—halimbawa, bilang graphic organizer o discussion guide—upang matulungan ang mga mag-aaral na kritikal na suriin ang mga kuwentong kanilang binabasa. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga katangiang tradisyonal at di-tradisyonal ng mga tauhan, natututo ang mga mag-aaral hindi lamang ng panitikan kundi pati na rin ng kritikal na pag-iisip tungkol sa kasarian at lipunan. Iminumungkahi rin na ang mga guro ay magsagawa ng mga talakayan sa klase tungkol sa Gender Schema Theory upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan kung paano nahuhubog ng kultura at panitikan ang kanilang mga pananaw sa kasarian. Bukod pa rito, ang tatlong kuwentong hindi pa ganap na nakalaya sa estereotipong pananaw—Si Dindo Pundido, Ang Paaralan ni Fuwan, at Sa Aming Bahay-Bahayan—ay maaaring gamitin sa silid-aralan bilang panimula ng mas malalim na talakayan. Ang mga gurong gumagamit ng mga akdang nasa "transisyon" ay may pagkakataon na gabayan ang mga mag-aaral sa pagkilala ng mga banayad na estereotipo, na nagpapaunlad ng mas mataas na antas ng kritikal na literasiya.

***Para sa mga Mag-aaral -*** Ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay may direktang kaugnayan sa pag-unlad ng mga mag-aaral bilang mga kritikal na mambabasa at responsableng miyembro ng lipunan. Ang pagbabasa ng mga kuwentong pambata na nagtatampok ng mga tauhang lumalabag sa tradisyonal na gampanin ng kasarian ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng alternatibong modelo ng pagkatao—nagpapakita na ang lakas, tapang, at kakayahan ay hindi eksklusibong katangian ng isang kasarian. Para sa mga batang mag-aaral, lalo na sa antas ng elementarya, ang mga ganitong kuwento ay nagsisilbing salamin kung saan makikita nila ang kanilang sarili nang hindi nakakulong sa mga inaasahan ng lipunan batay sa kasarian. Higit pa rito, ang pag-aaral ay nagpapakita na ang mga batang mag-aaral ay may kakayahang maunawaan ang mga kumplikadong konsepto ng pagkakapantay-pantay ng kasarian kapag ito ay ipinakita sa pamamagitan ng mga naratibo at tauhan na angkop sa kanilang antas. Ang pagbabasa at pagtalakay ng mga akdang nagtataguyod ng pantay na representasyon ng kasarian ay nakatutulong sa mga mag-aaral na malinang ang empatiyang pangkultural, mapaunlad ang kanilang kakayahang kumilos nang may respeto at pagkakapantay-pantay sa kanilang mga kamag-aaral anuman ang kasarian, at mapalakas ang kanilang sariling pagpapahalaga bilang mga indibidwal na may kakayahang higit sa itinakda ng tradisyon.

***Para sa mga Paaralan -*** Sa antas ng institusyon, ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay nagbibigay ng matibay na batayan para sa mga paaralang nagnanais na palakasin ang kanilang patakaran at programa sa gender-responsive education. Una, ang mga administrasyon ng paaralan ay maaaring gumawa ng isang listahan o bibliograpiya ng mga kuwalipikadong kuwentong pambatang nagtatampok ng pantay na representasyon ng kasarian—katulad ng mga sinuring akda sa pag-aaral na ito—at irekomenda ang mga ito bilang bahagi ng opisyal na listahan ng babasahin sa Filipino at panitikang pambata. Pangalawa, ang mga paaralan ay maaaring gumamit ng mga natuklasan ng pag-aaral na ito bilang batayan sa pagdidisenyo ng mga seminar o pagsasanay para sa mga guro ukol sa gender-sensitive na pagtuturo ng panitikan. Ang pagsasama ng mga akdang pambatang nagtatampok ng di-tradisyonal na representasyong pangkasarian sa mga kagamitang panturo ay isang hakbang patungo sa mas inklusibong edukasyon—isang diskarte na sinusuportahan ng pananaliksik ni Aguelo (2024) na nagpapakita ng bisa ng gender-neutral na kagamitang panturo sa pagpapaunlad ng kamalayan at pagganap ng mga batang mag-aaral sa elementaryang antas. Panghuli, ang mga paaralan ay maaaring magtayo ng mga espesyal na sulok ng pagbabasa (reading corners) o programa ng pagbabasa na nakatuon sa mga kuwentong nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian, na nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na ma-access ang mga akdang ito nang malaya at regular.

Sa kabuoan, ang mga implikasyong pang-edukasyon ng pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang panitikang pambata ay hindi lamang isang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbabasa—ito ay isang makapangyarihang salik sa paghubog ng mga ugali, pananaw, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral. Ang mapanuring pagpili ng mga babasahin sa silid-aralan, na sinusuportahan ng mga gurong may malalim na pag-unawa sa representasyong pangkasarian, ay isang kongkretong paraan upang maitaguyod ang isang lipunang mas makatarungan at pantay-pantay.

## 6. Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, malinaw na pitong (7) sa sampung (10) kuwentong pambatang sinuri ang ganap nang nakalaya sa mga estereotipong pananaw sa kasarian. Ang mga akdang ito ay nagsisilbing patunay na unti-unti nang nagbabago ang mukha ng panitikang pambata sa Pilipinas—mula sa mga kuwentong nagpapatibay ng patriyarkal na imahen tungo sa mga naratibong nagtataguyod ng pantay na representasyon ng kasarian. Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang mga kuwentong pambata ay epektibong kasangkapan sa pagtatanggal ng mga estereotipong pananaw sa kasarian sa pamamagitan ng mga karakter, imahe, at temang nagpapahayag ng kalayaan. Naaayon ito sa Gender Schema Theory ni Bem (1981) na nagpapatunay na ang mga social schemas ay maaaring baguhin sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikan na nagtatampok ng di-tradisyonal na representasyon ng kasarian.

Sa gayong sabi, malaki ang pag-asa na bukod sa mga sinuring kuwentong pambata na nakapaloob sa pag-aaral na ito, mayroon pang iba pang mga akda ang tuluyan nang nakalaya sa de-kahong imahen ng kasarian. Tulad ng inilatag sa Bahagi IV ng papel na ito, ang mga natuklasan ay may kongkretong implikasyon para sa mga guro, mag-aaral, at paaralan. Inirekomenda ang mga sumusunod batay sa mga natuklasan ng pag-aaral:

**Para sa mga guro**: Maaaring gumamit ang mga guro ng mga kuwentong pambatang napalayang kasarian—tulad ng mga natukoy sa pag-aaral na ito—bilang sangkap sa pagdidisenyo ng mas inklusibong kurikulum na nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian sa loob ng silid-aralan. Higit pa rito, inirekomenda na ang mga guro ay magsagawa ng mga talakayan sa klase na gumagamit ng hybrid coding approach upang matulungan ang mga mag-aaral na kritikal na suriin ang mga kuwento at matukoy ang mga estereotipo at di-tradisyonal na representasyong pangkasarian. Ang naturang pedagohikal na diskarte ay nagpapaunlad ng kritikal na literasiya ng mga mag-aaral at nagtataguyod ng isang kultura ng respeto at pagkakapantay-pantay sa loob ng silid-aralan.

**Para sa mga magulang**: Ang mga magulang ay maaaring gumamit ng mga napalayang kuwentong pambata bilang kasangkapan sa paglinang ng bukas na pag-unawa ng kanilang mga anak sa kasarian sa loob ng tahanan.

**Para sa mga paaralan**: Inirekomenda na ang mga administrasyon ng paaralan ay bumuo ng opisyal na listahan ng mga kuwentong pambatang nagtatampok ng pantay na representasyon ng kasarian, at isama ang mga ito sa mga programa sa pagbabasa at sa opisyal na listahan ng mga kagamitang panturo. Maaari ring magtayo ng mga espesyal na reading corners o gender-responsive na programa sa pagbabasa upang mas maging accessible ang mga akdang ito sa lahat ng mag-aaral. Bukod pa rito, ang mga paaralan ay maaaring magsagawa ng mga pagsasanay para sa mga guro ukol sa gender-sensitive na pagtuturo ng panitikang pambata, gamit ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito bilang pangunahing sanggunian.

**Para sa mga manunulat**: Ang mga manunulat ay inihihikayat na lumikha ng higit pang mga akdang nagtatampok ng pantay na representasyon ng kasarian upang matugunan ang pangangailangan ng mga batang mambabasa sa kasalukuyan.

**Para sa mga hinaharap na mananaliksi**k: Inirekomenda ang pag-aaral ng mas malawak na hanay ng mga panitikang pambata mula sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas upang matukoy ang mga pagbabago sa representasyong pangkasarian sa iba't ibang kultural na konteksto.

**7. Mga sanggunian**

Abad, C., & Pruden, S. M. (2013). Do storybooks really break children's gender stereotypes? Frontiers in Psychology, 4. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2013.00986

Adigue, A. P. (2023). Kontekstwal na pagsusuri sa mga kuwentong pambata: Tuon ang kuwentong pangkalikasan. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9(2). https://doi.org/10.36713/epra12391

Aguelo, J. C. (2024). Gender-neutral learning material for MTBMLE in kindergarten and primary level learners. International Journal of Research Studies in Education, 13(17). https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24761

Akbar, T., Malik, R. A., & Azam, F. E. (2018). Gender issues in children's literature: An analysis of fairytales. Pakistan Journal of Education, 35(1), 59–70.

Alejandro, D., et al. (2024). Re-imahinasyon sa konsepto ng bata: Pagmamalay at pagsusuri sa mga piling Ilokanong kuwentong pambata. International Journal of Research Studies in Education, 13, 1–13.

Alvarado, E. T., & Fuentes, J. M. E. (2018). Tugmaang pambata: Diskriminasyong pangkasarian. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 5(1), 1–9.

Ang Bata at ang Aklat. (2018, Agosto 25). Ano ang kuwentong pambata? Retrieved from https://angbataatangaklat.wixsite.com/website/post/ano-ang-kuwentong-pambata

Arcellana, et al. (2020). Epekto ng mga diskriminasyon sa LGBTQ ng Samar College Inc., Lungsod ng Catbalogan [Unpublished research paper].

Asuncion, P. D. C. (2021). Ang pagkatha ng Adarna sa kasarian: Pagmamalay sa representasyon ng babae sa mga kuwentong pambata ng Adarna House (2009–2019) [Master's thesis, De La Salle University]. Animo Repository. https://animorepository.dlsu.edu.ph/etdm_fil/9

Bem, S. L. (1981). Gender schema theory: A cognitive account of sex typing. *Psychological Review*, 88(4), 354–364. https://doi.org/10.1037/0033-295X.88.4.354

Casey, K., Novick, K., & Lourenco, S. F. (2021). Sixty years of gender representation in children's books: Conditions associated with overrepresentation of male versus female protagonists. PLoS ONE, 16(12), e0260566.

Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination against Women. (n.d.). Convention on the elimination of all forms of discrimination against women. United Nations. Retrieved from https://www.un.org/womenwatch/daw/cedaw/

Dimasacat, A. C., & Miranda, P. (2024). Ang ina sa mga piling kontemporaneong kuwentong pambata: Eklektikong pagbasa sa dimensyon ng kasarian at uri. The Normal Lights, 18(1).

Donez, D. (2015). Lola na ang lolah mo: Ang pagtatanghal ng kabaklaan sa panahon ng katandaan [Master's thesis, De La Salle University]. Animo Repository. https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_masteral/4828

Dovetail Editorial Team. (2023). Intercoder reliability. Dovetail.

Formanes, D. C. (2024). Gender complexity: Pagsiyasat sa mga kaso ng gender shift sa impluwensiya ng Boys Love movie series sa kabataang milenyal. International Journal of Research Studies in Education, 13(6). https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24016

Fuentes, J. M. E., & Alvarado, E. T. (2018). Tugmaang pambata: Diskriminasyong pangkasarian. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 5(1), 1–9.

Garcia, D., et al. (2018). Well-being and moral identity. PsyCh Journal, 7, 53–54.

Galdonez, D. P. G., Gomez, G. L. L., Brito, A. I. Y., Calzado, Y. N., & Ladesma, G. M. G. (2023). Mula sa mundong maraming kulay: Dalumat sa mga usaping gender ng mga piling kuwentong pambata sa lente ng teoryang gender schema ni Sandra Bem. International Journal of Research Studies in Education, 12(8), 47–55. https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.63

Inocentes, J. D. (2024, Oktubre 8). Sa panitikang pambata, gabay ang teksto upang maging kritikal at mapang-unawa. Philippine Collegian. Retrieved from https://phkule.org/article/1311

Jabeen, I., & Mehmood, A. (2014). Children literature shaping gender identities. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 2, 240–242.

Jenny Rose Oronos Tumacder, & Wincel Mateo Ocampo. (2025). Kariktan at realismo: Isang pagsusuri Sa piling maikling kuwento. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 610-621. https://doi.org/10.36713/epra21017

Kaninya, J. (2016). Qualitative research methods. Retrieved from https://www.linkedin.com/pulse/qualitative-research-methods-john-kaninya

Kimmons, R., & Caskurlu, S. (2020). Case studies. In The students' guide to learning design and research. EdTech Books.

Knyazyan, A. (2017). Gender stereotypes in children's literature. Armenian Folia Anglistika, 13(1–2), 165–174.

La Escritoria, L. (2023, Oktubre 16). Ano ang panitikan? Padayon Wikang Filipino. Retrieved from https://www.padayonwikangfilipino.com/ano-angpanitikan/

Ladzekpo, G., Attiye, J., & Davi, S. (2024). Exploring gender roles and stereotypes in literature: An analysis of contemporary works. International Journal of Gender Studies, 9(2), 25–40.

Licaro, M. R. (2020, Mayo 26). Kabanata 2: Mga kaugnay na literatura at pag-aaral [Unpublished thesis chapter].

Mary Dorothy, J. (2018). Kababaihan sa kasaysayang pampook: Pananaw, paksain, pamamaraan [Research paper].

Moira Maguire & Brid Delahunt. (2017). Doing a Thematic Analysis: A Practical, Step-by-Step Guide for Learning and Teaching Scholars.

Muhammed, N., & Azmy, H. (2023). Exploring the influence of short stories on childhood development: A comprehensive research analysis. International Journal of Innovative Science and Research Technology, 8(10).

Nhundu, T. J. (2007). Mitigating gender-typed occupational preferences of Zimbabwean primary school children: The use of biographical sketches and portrayals of female role models. Sex Roles, 56, 639–649.

Qui, Z. Y., & Yoke, S. K. (2024). The impact of gender stereotypes in children's picture books on children: A review [Unpublished review paper].

Russel. (2023). Criterion sampling [Reference work].

Santos, M. J. P. (2022). Panitikang pambata bilang kasangkapan ng pagbabalik-loob sa egalitaryong sistema ng sinaunang pamayanang Pilipino. In R. Torres-Yu, C. M. Sayuno, & J. M. Sy (Eds.), Suring supling: Kalipunan ng rebyu ng mga akdang pambata sa Pilipinas (pp. 75–88). Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Sarce, J. P. (2022). Ang queer literacy framework: Isang pagsusuri sa pagtuturo ng panitikang pambata gamit ang "Ang tatay ni Klara at nanay ni Erwin" at "Ang ikaklit sa aming hardin." Malay, 34(2), 52–68. https://www.dlsu.edu.ph/research/publishing-house/journals/malay/sinupan/edisyon-34-2/malay-5/

Tugano, A. C. J. (2022). Bata, bata, may magagawa ka pa ba? Kalagayan at hinaharap ng panitikang pambata sa talastasang Pilipino. In E. Y. Evasco (Ed.), Pagdiriwang sa haraya: Ang panulaan at mga aklat ng impormasyon para sa mga bata (pp. vii–xiii). Aklat ng Bayan, Komisyon sa Wikang Filipino.

Viriña, J. a O. (2020, Oktubre 10). Kumukulay pa ba? Kasarian sa Pilipinong lipunan. Revolt Magazine.

Williams, B. (2024, Agosto 17). Data analysis for qualitative research in 2024. Insight7.

Williams, B. (2024, Setyembre 11). Hybrid coding in qualitative research: Combining methods. Insight7.

Yigit-Gencten, V., Gultekin, M., Uyar, R. O., & Aydemir, F. (2024). Gender in children's literature and kindergartener's responses to gender in interactive read-alouds. *European Journal of Education*, *59*(2), e12609. https://doi.org/10.1111/ejed.12609